# 2017 na pahayag para sa “ Pandaigdigan na Araw upang maalis ang diskriminasyon sa bawat lahi.

Pandaigdigang pagkakaisa ay kailangan upang maalis ang diskriminasyon sa bawat lahi.

March 21, 1966 ay ang araw na ipinahayag ng UN bilang “Pandaigdigang Araw para alisin ang diskriminasyon sa bawat lahi ', na magbibigay respeto sa mga biktima ng Sharpeville massacre. Noong Marso 21, 1960, ang animnapu’t (69) katao ay namatay sa araw na iyon sa pamamagitan ng pagbaril ng mga pulis. Ang mga biktima ay hindi sumasangayon sa ipinasang batas na ihiwalay ang patakaran sa Bansang South Africa.

Sa kabila ng pagsusumikap, ang diskriminasyon sa mga ibang lahi ay mapanganib pa rin na antas sa buong mundo. Sa South Korea, kahit na ang pamahalaan ay nauudyokan na rin ng diskriminasyon sa mga ibat_ibang lahi. Kamakailan lamang, ang pamahalaan ng South Korea ay mahigpit sa paghuli at deportasyon sa mga hindi rehistradong migranteng manggagawa. Ayon sa pamahalaan ang mga sinasabing hindi rehistradong migranteng manggagawa ay syang dahilan sa kawalan ng trabaho ng mga lokal na residente. Ito ay isang malaking kasinungalingan. Ang lahat ng mga problema sa kawalan ng trabaho at mababang pasahod ay sanhi ng pamahalaan mismo. Sila ang gumagawa ng batas para mas mapadali ng mga kumpanya ang mag tanggal ng mga empleyado, at ginagawa nilang mas marami ang mga pansamantalang empleyado.

Ang pamahalaan ng South Korea ay nag-aalok ng malaking benepisyo sa mataas na kalidad sa kagawaran ng yamang tao at sa mga mamumuhunan. Ngunit sa kabila nun, sila ay pinagkakaitan nila ng karapatan anf mga migranteng manggagawa, na kung saan ginagawa nila ang kanilang mga trabaho sa mahirap na sitwasyon at lugar. Halimbawa, pinahihintulutan lamang magtrabaho at manatili sa Korea ang mga imigranteng manggagawa sa loob lamang ng 3 taon, at kinakailangan pa rin ng permiso o kasunduan mula sa employer kung nananisin pang manatili. Gayundin, hindi sila basta pwedeng magpalit ng kanilang lugar na pinagta trabuhan..

Noong 2015, Isang ulat na isinumite sa konseho ng karapatang pantao sa UN, na inirekomenda ng pamahalaan na tiyakin na sa lahat ng mga empleyado na maging malaya sa pagilipat ng kanilang mga trabaho. Gayunpaman ang pamahalaan ng South Korea ay nagpataw ng bagong batas kamakailan, na kung saan ay hindi maaaring lumipat ng trabaho, at maaring manatili lamang ng 3 hanggang 6 na buwan .

Gayundin,naging mas mahirap para sa mga migranteng may asawang koreano ang makakuha ng visa para sa permanenteng paninirahan , dahil nagtaas ang pamahalaan ng kategorya para sa pagsusuri na pamantayan para sa mga imigrante, at ang mga hindi pumasa saa mga kwalipikasyon ay maaaring maging sanhi ng karahasan sa tahanan, dahil karamihan sa may-asawang imigrante ay mga kababaihan.

Mababa rin ang marka ng pagtanggap ng pamahalaan sa mga refugee . Basi sa

ginawang pananaliksik noong 2014, 4 lamang na bansa ang nagmarka na mas mababa kaysa South Korea, at ang marka ay nananatiling mababa mula noon. Noong nakaraang taon, 28 ng Syrian refugee ay ikinulong ng higit sa 6 na buwan sa Paliparan ng Incheon .

Ang di makataong patakaran ng gobyerno sa ibang lahi ay nag-uudyok ng diskriminasyon at mga krimen ng pagkamuhi. Ito ay hindi kailanman isang pagkakataon na ang isang partido na kung saan ipinapataw ang diskriminasyon sa kasarian at biglang pagbabago ng mga pahayag sa ika -20 na kandidatura sa pangkalahatang halalan.

Ang pamahalaan ng South Korea at- ika -17, 18, 19 na pamunuan ay patuloy na bini- bimbin ang batas ng nagbabawal sa diskriminasyon sa ilang kadahilanan ng mga ilan sa mga konserbatibo 'at sa mga ilang tumututol na Kristiyano. Kahit ang mga baguhang kandidato ng pagka pangulo ay hindi nagbibigay pansin sa mga karapatang pantao ,ito'y upang makakuha lamang ng karagdagang boto mula sa mga konserbatibo.. Noong 2012, ang mga mambabatas ng UN ay nagpahayag na ang Diskriminasyon ay isang uri ng Krimen. At inirekomenda ito sa pamahalaan ng South Korean na magpanukala ng batas na naaayon para mabigyan ng ng kaparusahan ang mga lumalabag nito. Pagbabawal sa diskriminasyon ay dapat na itatatag sa lalong madaling panahon.

Ang mapanglait na ugali sa ibang lahi ay lalong lumalaganap. Ang kampanya laban sa pagbabawal sa pangingibang bayan alinsunod sa patakaran ng President Trump ay nagaganap sa buong Estados Unidos. Sa taong ito mas marami ang nagaganap na pakikibaka kesa sa nakaraang taon. Ito ay para ma- ipaglaban ang karapatang pantao

Nakikisanib kami sa buong daigdig para makibaka at makipaglaban sa karapatang pantao at sumasanib kami sa mga kilusan na lumalaban sa diskriminasyon. Ang pagsindi ng kandila na sumira at nagpababa kay Park Gyeun-hye ay patuloy naming gagawin katumbas isang malaking pagbabago. Ang kilusan laban sa diskriminasyon ay mahalaga para sa paglikha ng bagong mundo.

Nakasaad sa Pandaigdig na probisyon na ang "lahat ng tao'y isinilang na malaya at pantay, na may karangalan at may karapatan." Ang bawat tao'y may pananagutan upang protektahan ang isang bagay. Susubukan naming labanan ang lahat na mapanglait at mapaghusgang mga patakaran ng pamahalaan ng Korea

Marso 19, 2017

Alliance para sa mga Migrante Equality & Human Rights, Joint Committee sa Migrants in Korea, Vietnam Community sa Korea, Solidarity sa Batas ukol sa Anti-Discrimination Act